Australian Government
Australian Institute of Health and Welfare

Australia's Disability Strategy 2021–2031

Creating an inclusive community together

# Istratehiya sa May-Kapansanan ng Australya

## 2021–2031

## Balangkas ng Mga Resulta

Ang buod ng unang taunang pahayag

# Buod

Ang Balangkas ng Mga Resulta (Outcomes Framework) ay isang mahalagang inisyatiba sa ilalim ng **Istratehiya sa May-Kapansanan ng Australya 2021–2031** (ang Istratehiya) para masukat, masundan at maghayag ng mga resulta tungkol sa taong may- kapansanan sa buong buhay ng pagpapairal ng Plano. Ang taunang paghahayag ng pagkukumpara sa panukat ng Balangkas ng Mga Resulta ay magpapakita kung anong pagsulong na ang nagagawa ng mga resulta para sa mga taong may-kapansanan.



Ang Plano ay may **7 mga lugar na** tinitingnan ang **resulta**. Inilalarawan nito ang mga lugar na sinasabi ng mga may-kapansanang tao na kailangang humusay para makamit ng Plano ang pakay na inklusibong lipunan ng Australya – isang lipunan na nagpapatiyak sa mga taong may-kapansanan na matutupad ang kanilang potensyal, bilang kapantay na miyembro ng komunidad.

## Mga lugar ng resulta

- Kasiguraduhan sa trabaho at pananalapi
- Inklusibong mga bahay at komunidad
- Kaligtasan, mga karapatan at hustisya
- Pampersonal at pangkomunidad na suporta
- Edukasyon at pagkakatuto
- Kalusugan at kagalingan
- Mga inuugali ng komunidad

Ang Balangkas ng Mga Resulta ay mayroong 85 na mga panukat sa kabuuang 7 mga lugar na nasa Istratehiya at **3 mga uri ng panukat.**

**mga panukat sa Sistema**

sinusundan nito ang ginagawang mahalagang kontribusyon para makamit ang mga resulta tulad ng pangangalaga sa kalusugan, pabahay, edukasyon at pagkakaroon ng trabaho.

**mga panukat sa Populasyon**

sinusundan nito ang mga pagbabago sa mga resulta ng mga taong may- kapansanan sa paglipas ng panahon.

**mga panukat sa mga inuugali ng Komunidad**

sinusundan nito ang mga pagbabago ng mga pag-uugaling ipinapakita sa mga taong may- kapansanan at kung paano dinaranas ng mga taong may kapansanan ang mga inuugali ng komunidad.

Ang pakay nitong pang-unang pahayag ay para makapagbigay ng isang pananaw sa kalagayan ng mga panukat ng Balangkas ng mga Resulta sa ‘pinakamababa’ (‘baseline’), ibig sabihin, sa pinakamalapit na punto ng panahon nang umpisahan ang Istratehiya noong Disyembre 2021. Ang pinakamababang (baseline) datos ay mga datos na pinagkukumparahan ng nasa-panahong (updated) taunan na datos (kung may makukuha) at ang tuwing tatluhang-buwan na datos ng bawat isa sa mga panukat hanggang sa ikatatagal na pagpapatakbo ng Plano.

Kabilang din sa pahayag ang ‘time series analysis’ (sakaling makikita sa datos) kung hanggang saan sa itinagal ng panahon kasama na ang pinakamababang datos noong inumpisahan. Ito ang magbibigay ng konteksto para sa paghahayag ng kahalagahan ng pinakamababa at napapanahong mga resulta.

## Kumusta na ang kinatatayuan ng mga taong may-kapansanan noong nasa ‘baseline’ pa?

Para dito sa paunang paghahayag, ang datos na baseline ay makukuha sa 47 na mga pinaandar na mga panukat, na pati mga datos ng kasaysayan ng pangyayari ay makukuha sa 45 nitong mga panukat. Ang bilang ng mga data points na makukuha sa datos ng kasaysayan ay nagiiba-iba mula 2 hanggang 10 points nang panahong iyon.

## Mahahalagang mga napag-alaman

May pabor na kalakaran bago pa ang baseline:

Ang **karaniwang tagal ng panahon sa paghihintay ng** baguhang pamilya na napaglaanan ng pabahay na may isang miyembrong may-kapansanan para sa **pampublikong pabahay** ay **413 na araw** noong 2020–21, na **bumaba** ang bilang mula sa **580 na mga araw** noong 2011–12.

panukat sa sistema

Mahigit na **7 sa loob ng 10** (72%) na **mga reklamo sa pagdidiskriminasyon sa taong may-kapansanan** na dumaan sa proseso ng pagkakasundo sa Komisyonado ng Mga Karapatang Pantao ng Australya (Australian Human Rights Commission) ang **matagumpay na naresolba** noong 2020–21 kumpara sa mahigit na **6 sa loob ng 10** (62%) noong 2011–12.

panukat sa sistema

Mahigit na **2 sa loob ng 5** (45%) na mga taong may-kapansanan na edad 20–64 na taon ang **nakapagtapos ng aral sa Year 12** (o kahalintulad) noong 2018 kumpara sa mababa pa sa **2 sa loob ng 5** (37%) noong 2012.

panukat sa populasyon

Hindi pabor na mga kalakaran bago pa ang baseline:

**Wala namang tunay na ipinagbago** sa **agwat na antas ng walang trabaho** sa pagitan ng mga taong may-kapansanan at walang kapansanan noong mga taon ng 2012 at 2018 (4.0 at 4.7 porsiyentong puntos, at sa nasabing pagkakakasunod, para sa mga taong edad 15 taon at mahigit pa).

panukat sa populasyon

Humigit lang ng **4 sa loob ng 5** (82%) na mga may-kapansanang kliyenteng nasa mga serbisyo ng espesyalista ng pagkawalang tirahan na **dumaranas ng karahasan sa tahanan at pamilya** ang **nabigyan ng tulong sa akomodasyon** nang kinakailangan nila noong 2020–21 kumpara sa 87% noong 2013–14.

panukat sa sistema

Humigit-kumulang sa **1 sa loob ng 7** (14%) na mga taong may-kapansanan na edad 5 taon at mahigit pa ang nagkaroon ng **kahirapan sa paggamit ng mga pasilidad na pangmedikal** noong 2018 kumpara sa 11% noong 2015.

panukat sa populasyon

## Nagkaroon ba ng kaibang pagbabago sa mga magkakaibang grupo?

Ang mga Resulta sa panahon ng baseline ay nagkakaiba-iba batay sa edad, kasarian at tindi ng kapansanan.

Ang mga taong may **malala o matindi ang kapansanan** edad 5 taon at mahigit pa ay **malamang na hindi** nakikisali sa **mga akitibidad na pangkomunidad at pangsosyal** (90%) kumpara sa ibang mga tao na may kaibang kalagayan ng kapansanan (97%) noong 2018.

panukat sa populasyon

May mas mataas na bahagi ng may-kapansanang **kalalakihan kumpara sa kababaihan** na mga naghahanap ng trabaho na nasa edad 15 taon at mahigit pa (gumagamit ng job active) ang **nakakuha ng trabaho** para sa 12-buwan na katagalan na naipagpatuloy hanggang sa hindi bababa sa 26 na linggo (8.3% at 6.5%, sa pagkakasunod-sunod ng kaayusan) noong 2020–21.

panukat sa sistema

May mas mataas na bahagi ng may-kapansanang **kababaihan kumpara sa kalalakihan** na nagtapos ng bukesyonal na pag-aaral at pagsasanay na nasa edad 15 taon at mahigit pa ang **nakapasok sa trabaho sa pagtatapos ng kanilang pagsasanay** (53% at 50%, sa pagkakasunod ng kaayusan) noong 2021.

panukat sa sistema

Halos 1 sa 2 (49%) na mga taong may- kapansanan na nasa edad 18–24 taon ang nakakaranas ng **mataas o napakatinding antas ng sikolohikal na pagkabalisa** noong 2018 kumpara sa 2 sa loob ng 5 (40%) na edad 45–64 na taon at mas kaunti pa sa 1 sa loob ng 5 (19%) na nasa edad 65 taon at mahigit pa.

panukat sa populasyon

## Kumusta na ang mga bagay na sinusundan ang kalagayan makaraan ang 6 na buwan nang pasimulan ang Plano?

Sa 47 na pinaandar na mga panukat na may datos, ang 11 ay may napapanahong datos magmula sa mag-umpisa noong baseline. Ang mga resulta sa napapanahong datos ay pauna pa lang dahil ang mga ito ay sumasakop sa unang 6 na buwan nang umpisahan ang Plano kaysa kung titingnan ang buong taon. Marami sa mga pagbabago ay kakaunti, na dapat isaalang-alang kung kukwentahin ang mga resulta. Ang napapanahong mga panukat ay karamihang mula sa datos na nakolekta ng Pambansang Plano ng Paseguro Para sa May-Kapansanan (National Disability Insurance Scheme (NDIS) dahil sila ang mayroong pinakabagong datos na napapanahon.

Mahigit lamang sa 1 sa loob ng 5 (21%) na **mga kalahok mula sa NDIS na nasa pwersa ng trabaho** na edad 15–64 taon ang **nagtatrabaho kasama ng mga walang kapansanan sa lugar ng trabaho na tumatanggap ng buong bayad ng pasweldo** sa pang-apat na quarter (Q4) noong 2021–22 kumpara sa 20% noong pangalawang quarter (Q2) ng 2021–22.

panukat sa populasyon

Mababa lang sa **2 sa loob ng 3** (65.1%) na **mga kalahok mula sa NDIS** na edad 15–64 taon ang nag-ulat na **pinalipas ang kanilang libreng oras na ginagawa ang mga aktibidad na interesado sila** noong 2021–22 Q4 kumpara sa 65.5% nitong 2021–22 Q2.

panukat sa sistema

Mahigit lang **3 sa loob ng 4** (76%) na **mga kalahok mula sa NDIS** na edad 15–64 taon ang nag-ulat na **natulungan sila ng NDIS sa pagkakaroon ng higit na mapagpipilian at kontrol sa kanilang mga buhay** pagkalipas ng 2 taon na nasa plano nitong 2021–22 Q4 kumpara sa 75% noong 2021–22 Q2.

panukat sa sistema

## Mga plano sa hinaharap

Ang susunod na taunang pahayag na may mga napapanahong binago sa datos ay ilalabas sa pagtatapos na ng 2023. Ang mga napapanahong pagbabago sa datos ay ipalalabas din sa tuwing ika-apat na buwan sa mga pahina ng website ng **Istratehiya sa May Kapansanan ng Australya Balangkas ng Mga Resulta** na ang unang pagpapalabas ng ulat ay naka-iskedyul sa Marso 2023.

Malinaw na ipinahayag ng mga taong may- kapansanan na hindi nila gusto ang pag-uulat ng Plano na nakalimita sa datos na makukuha nang inilunsad ito. Dahil dito, ang mga panukat sa hinaharap sa Balangkas ng Mga Resulta ay idinisenyong palalakihin sa kabuuang buhay na itatagal ng Plano. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagharap ng pamahalaan sa pagpapalago ng mga panukat na ito, kabilang ang pinagkasunduang mga plano sa pag-uulat ng mga panukat sa hinaharap, tingnan ang **Plano sa Pagpapabuti ng mga Datos (Data Improvement Plan)** ng Istratehiya.


Filipino (Tagalog) 2869.12.22